Lumahok sa Census 2000

Ang kalalabasan ng Census 2000 ay may malaking kahalagahan sa iyo, iyong mga anak, at inyong komunidad.

Mahalaga ang Inyong Sagot!

Ano ang Census 2000???

Bawat sampung taon, binibilang ng Census Bureau ang kabuuang populasyon ng Estados Unidos. Ang susunod na bilangan ay tinatawag na **"Census 2000"** at gaganapin sa ika-1 ng Abril 2000. Kailangan ng gubyerno, mga negosyo at organisasyon ang hustong bilang ng populasyon sa pagpapamahagi ng pampublikong serbisyo. Mahalaga ang iyong pagsagot sa census forms para makarating ang mga **benepisyo at serbisyo** sa **inyong komunidad.**

Paano ginagamit ang Census?

- **Sa desisyon kung gaano kalaking pera ang tatanggapin ng mga iskwelahan sa inyong kumunidad**
- **Sa desisyon kung saan magtatayo ng ospital, child care centers, at kalsada**
- **Sa desisyon kung ilan ang kakatawan sa iyong state sa U.S. House of Representatives**
- **Sa paglalaan ng pera para sa job training programs at student loans**
- **Sa paghadlang sa diskriminasyon sa mga minoridad, may kapansanan at nakatatanda sa kanilang pinagtatrabahuhan**

Paano mangyayari ang pagbibilang?

Sa unang bahagi ng Marso 2000, bawat kabahayan ay tatanggap ng sulat tungkol sa census. Itatanong sa iyo sa sulat kung gusto mo ng census form na nasa salitang **Intsik, Koreano, Tagalog o Vietnamese.** Sa huling bahagi ng buwan, bawa't kabahayan ay tatanggap ng census form sa koreo. Sa census form may mga tanong na tulad ng pangalan, kasarian, idad, istatus sa relasyon, etnisidad, at lahi ng **lahat ng iyong kasama** sa bahay.

Sagutin ang Form!!!

Nakatadhana sa batas na bawat sagot mo sa Census ay itituring na **kumpidensyal.** Hindi puedeng ipakita ang impormasyon dito kanino man o ipamahagi sa kahit na anong ahensya ng gubyerno na tulad ng Immigration and Naturalization Service (INS) o Internal Revenue Service (IRS). Ang pagsagot ng form ay makakatulong sa pagunlad o ikabubuti ng inyong kapaligaran at komunidad.

Produced by the National Asian Pacific American Legal Consortium, Washington, DC. January 1999.
Reproduction permitted only with attribution. "Your Response is Important," Tagalog.